“ While **STRIDES** are being made in the **SOCIAL MEDIA**, the **NEWSPAPER** and news business should continue to embrace social media”

- Amy Jo Martin

THE SOUTHERN TAGALOG
HERALD
CAVITE

email: herald_group@yahoo.com

MARCH 29-APRIL 4, 2020 | VOL. XXV NO. 35 P 15.00

MEMBER:
PAPER Ph
Est 2019
**P**rime **A**lliance of **P**ublishers, **E**ditors and **R**eporters (Ph) **Inc**.


# Total lockdown tightens security in the province

*TRECE MARTIRES, Cavite, Mar. 24 (PIA) --* ***A recent COVID-19 update posted on Governor Jonvic Remulla's Facebook page showed the province already has 14 positive cases of the dreaded disease prompting most of the province's cities and municipalities to implement total lockdown in their respective localities to tighten security and instill discipline to all residents.***

The cities of Bacoor, Imus, Dasmariñas, General Trias and Trece Martires and the municipalities of Naic, Kawit to name a few, are all on total lockdown with manned barriers in all exit and entry points to restrict the passage of non-residents into their areas or limit the entry or exit of non-essential personnel.

To further limit the movement of the residents after effectivity of curfew hours, quarantine passes with control numbers were distributed to households in all barangays with the barangay officials personally handing one pass for each household. The quarantine pass

**Turn to P2**




## Sitio Sabangan starts 2020 with repurposed daycare center - Aboitiz



In the town of Sitio Lower Sabangan in Manolo Fortich, the only school facility that stood in the neighborhood was a small one-room daycare center. Although the center is able to provide basic education to its young students, both the space and the limited resources could only cater to a few number of learners.

With the unpredictable weather in Bukidnon now-

**Turn to P2**

## Cavite moves to combat COVID-19



TRECE MARTIRES CITY, Cavite, Mar 24 (PIA) – Cavite province joined several local governments across Luzon to declare state of calamity due to the increasing cases of coronavirus disease (COVID-19) pandemic.

President Rodrigo Duterte's initial proclamation placing Metro Manila under general community quarantine prompted the Provincial Board of Cavite to pass Resolution No. 1437-2020 on March 16, declaring the province under state of calamity. With the declaration, Cavite Governor Jonvic Remulla

**Turn to P3**

## Stringent measures applied to instill discipline on delinquents




Province of Cavite, Mar 24 (PIA) -- A total of 586 violators were recently arrested in different cities and municipalities in the province with the implemen-

**Turn to P3**

## LGU Imus addresses transport, financial dilemma under ECQ


*IMUS CITY, Cavite, Mar. 24 (PIA) --* ***Imus City Mayor Emmanuel Maliksi together with officials of concerned offices outlined a program for transportation, food, health and other concerns to address issues that cropped up in the implementation of enhanced community quarantine (ECQ) in the city.***

Different problems arose from the implementation of the ECQ, particularly with the suspension of mass transportation and the lockdown of the cities and municipalities with hundreds of commuters returning home from work or going to work in the south were stranded.

The threat of the COVID-19 contagion did not deter the people from leaving their homes because the ordinary workers were more concerned with their livelihood rather than their safety and continued to go out to report for work.

A controlled transport system was implemented with accredited vehicles to

**Turn to P3**






## EDITORIAL

# Damhin ang Saloobin, Daing, Hirap na Tinitiis ng isang COVID 19 Frontliner

Mga kababayan at mga kapatid, Ako po si Dr. Edsel Salvana, isang manggagamot sa larangan ng infectious diseases. Ako po ay nagtuturo sa Unibersidad ng Pilipinas. Gumagamot po ako ng mga pasyenteng mayroong COVID-19 at dalawa sa kanila ay pumanaw na. Noong Sabado, Marso 14, nagkaroon ako ng masakit na lalamunan, ubo at sakit ng ulo. Dahil doon, tinaguriang ako bilang isang person under investigation o PUI at ipinasok ako sa ospital. Lubos po ang aking pagkabahala dahil iniisip ko na baka nahawahan ko din ang aking pamilya at mga taong nakipagkita sa akin. Sa awa ng Diyos, negative po ang resulta ng aking COVID19 test na nagtagal din ng anim na araw bago lumabas. Ngunit ngayon ay inuubo pa din ako kaya hindi pa ako puwedeng lumabas ng ospital at magpapa-xray ako ngayong araw. Kung mukhang ok naman at magaling na ang aking ubo ay makakabalik na din ako sa pagsisilbi sa mga pasyente. Habang nakakulong dito sa ospital, tumutulong pa din ako sa PGH at sa aming laboratoryo sa UP-NIH na malapit nang magsimula ng testing para sa COVID-19. Alam ko po na lahat ng tao ay nahihirapan sa ngayon. Ang aking mga kasama na doktor at mga healthcare workers ay araw-araw na nagtatataya ng buhay para alagaan and mga pasyenteng mayroon COVID-19. Alam ko din na marami ang nagugutom dahil hindi makapagtrabaho dahil sa pagsarado ng kanilang mga opisina. Dahil dito, ako po ay nakikiusap at nananawagan:

1. Sa mga nagtratrabaho ng araw-araw na sinaraduhan ng opisina o hindi makapagbenta o makapagpasada Sa inyo po ang pinakamatinding dagok ng krisis dahil maaaring magutom kayo at ang inyong mga pamilya. Mahirap din intindihin kung bakit ito ginagawa ng gobyerno. Ang layunin nitong ginagawa natin ay upang hindi kumalat ang COVID-19 na ngayon ay nagdudulot ng malubhang sakit sa buong mundo. Sa Italia, dahil sa dami ng nagkakasakit ay hindi na nila ginagamot yung matatanda at hinahayaan na lang mamatay dahil wala na silang kama sa ospital. Ang Estados Unidos at Britania ay hirap sa pagdami ng mga kaso at punong-puno na ang kanilang mga ospital at klinika. Kung ang mayayaman na bansa ay hirap na hirap, papaano pa kaya tayo? Kaya nagpasiya ang gobyerno na maaga pa lang ay isarado na lahat dahil ito lamang ang makapagpapababa ng pagkalat ng sakit.

Habang maaga ay maaari pa natin itong mapababa, ngunit hindi ito magiging mabisa kung hindi sumunod lahat ng tao. Sa ngayon ay ginagawa ng inyong mga punong barangay at mayor ang mga hakbang upang makapagbigay ng pagkain at tulong na pinansyal. Depende sa dami ng mga kaso ay maaring abutin pa ito ng ilang linggo. Kinakailangan natin maging matatag at asahan natin na ang gobyerno ay gagawa ng paraan upang hindi kayo magutom. Nananawagan din ang gobyerno sa inyong mga opisina na ituloy ang sahod kahit sarado ang mga pinapasukan. Kung magtulong-tulong tayo lahat, baka mas maikli ang pagsarado ng mga opisina at makapagtrabaho lahat muli. At kung sakali man payagan na ulit magtrabaho, kinakailangan pa din nating gawin ang “social distancing” sa trabaho na isang metro ang layo sa isat-isa, dahil baka manumbalik na naman ang COVID-19. Maging malinis sa kapiligiran at laging mag-hugas ng kamay.

2. Sa mga negosyante:

Kailangan po talaga natin siguraduhing kakaunti lamang ang nasa labas upang mapuksa itong virus na kumakalat sa ating lipunan. Alam kong malaking pagkalugi sa negosyo ang nangyayari, ngunit kailangan din natin alagaan ang ating mga empleyado. Kung maaari ay ituloy natin ang kanilang sahod hanggang sa nakakaya. At isipin din natin kung paano puwedeng i-adapt ang ating mga business sa ginagawang “social distancing.” Baka maaaring maging online ang karamihan ng services para hindi din kailangan lumabas ang mga tao. Kung mukhang kumukaunti na din ang mga kaso, maaaring payagan ng gobyerno na magbukas ang mga ibang opisina basta maayos ang pag-gawa ng social distancing.

3. Sa ating mga kawani sa gobyenrno, lalo na sa local government units Sana ay lubos na gagampanan natin ang ating katungkulan lalo na sa mga maralita na nagugutom dahil sa ginagawang “community quarantine.” At dahil importante and “social distancing” at walang masakyan ang mga tao, kung maaari ay ihatid na lang sa kani-kanilang bahay ang tulong na pagkain at pinansyal upang hindi na nila kailangan lumabas pa at baka pa sila mahawa ng sakit o makahawa ng iba.

Tulong-tulong po sana tayo. Kaming mga doktor at healthcare workers ay nagsisikap na malabanan itong salot na nangyayari. Kami po ang inyong mga kawal sa labang ito, at tanggap na namin ang panganib at peligro at mayroon na ngang mga doktor na namatay. Ngunit kailangan po namin ang inyong tulong dahil kung hindi sumunod ang tao sa “social distancing” at “community quarantine,” napakaraming tao ang mamamatay. Sama-sama po natin labanan ang COVID-19 at alagaan po natin ang isat-isa. Maraming salamat at pagpalain nawa tayo ng Panginoong Diyos.

THE SOUTHERN TAGALOG HERALD CAVITE
email: herald_group@yahoo.com

Inilalathala tuwing araw ng Linggo at may sirkulasyon sa Lalawigan ng Cavite.
Editorial office: Block 1, Lot 1, Phase 1A, Citihomes Subdivision, Molino 4, Bacoor City, Cavite
CP# 09266990769 / 09178983982
Email: herald_group@yahoo.com

EDITORIAL BOARD

NENA ESTRELLADO-MALLARI
*Publisher*

ANDREW S. AMORES
*Editor*

ATTY. BATAS MAURICIO
DIVINE LIWANAG REYES, PHD/DD
*Columnists*

ATTY. ZENAIDA GALVEZ
*Editorial Consultant*

ATTY. FERNANDO PERITO
*Legal Counsel*

JENNILYN JIMENEZ YUPIO
*Circulation-in-charge*

JEFREY T. JURADO
*Layout Artist*

Marketing Representative:
RURAL PRESS COMMUNICATORS REP. INC.
3055 Tolentino St., cor. Balabac St., Pinagkaisahan, Makati City
Telephone Numbers: (02) 882 39 78 / (02) 882 32 05
Fax No. (02) 882 32 23

SUBSCRIPTION RATES:
Six Months P750.00
One Year P1,500.00
ADVERTISING RATES:
Commercial P200.00 / col.cm.
Extra-Judicial P160.00 / col.cm.

MEMBER:
Prime Alliance of Publishers, Editors and Reporters (Ph) Inc.
PAPER.Ph Est 2019




# Paalala sa lahat sa panahon ng kalamidad

INSPIRASYON SA BUHAY: “… Sa Diyos ka magtiwala buong puso at lubusan, at huwag mong panghawakan ang sarili mong karunungan. Sa lahat ng iyong mga gawa, unahin mo Siya, at ang iyong mga landas, Kaniyang itatama…” (Mga Kawikaan 3:5-6, Ang Tanging Daan Bibliya).

PAALALA SA LAHAT SA PANAHON NG KALAMIDAD: Sa kalituhang nararanasan ng marami sa atin ngayon, partikular ng mga nasa gobyerno at ng mga tinaguriang “frontliners” na tumutugon ng buong tapang sa problemang dala ng COVID 19, may paalala lang po ako upang maging matatag ang lahat sa kanilang mga pagpapasya at sa mga gawaing dapat nilang gampanan sa pang-araw.

Ang paalala po ay ang walang-sawang pagdulog natin sa Diyos at Tagapagligtas na ang Pangalan ay Jesus, na Siyang Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo. Sa pagmamadali ng lahat upang makahanap ng gamot, upang makatulong sa mga tinamaan na, at upang mapigilan ang pagkalat pa ng sakit sa ibang tao o ibang lugar, marapat na unahin lagi natin ang panalangin, at ang pagkakaroon ng Salita ng Diyos sa ating isip, salita, gawa at hitsura.

KAPANGYARIHAN SA PAGLILIGTAS NG TAO: Ang Salita ng Diyos kasi, sa mga sumasampalataya sa Kaniya, ang siyang kapangyarihan Niya sa pagliligtas ng bawat sumasampalataya, batay sa Roma 1:16 ng Bibliya. Sa pamamagitan ng Salita ng Diyos na matatagpuan sa Bibliya, mapapasa-atin ang Kaniyang kapangyahihan, ang Kaniyang karunungan, ang Kaniyang kalusugan at kaligtasan, ang Kaniyang talino. Nagbibigay din ito sa atin ng kagalingan laban sa anumang salot, gaya ng COVID 19.

Kaya naman kung gusto nating magkaroon ng proteksiyon laban sa COVID 19, at ng mga pagpapala at paggabay mula sa Diyos saan man tayo naroroon, sa lahat ng oras, magdala tayo ng kahit na isang bersikulo lamang ng Salita Niya sa Bibliya bago tayo lumabas ng bahay, o bago tayo gumanap sa anumang gawain sa lahat ng larangan ng buhay. Sabi nga, sa lahat ng ating mga gawain, Siya nga ay unahin. Suma-atin at ingatan po tayo lagi ang Diyos!

DEAR ATTY. BATAS: “Sir, good day po sa inyo. Ano po ang pwedeng ikaso kapag pinagbintangan po ang isang bata (minor age) ng pagnanakaw? Kapatid ko po yung bata Sir, at tinanong na po namin ng paulit-ulit at sinabi nya na wala talaga po syang kinalaman sa pagnanakaw. Meron daw eyewitness yung nagbibintang kaso wala po sa pag iisip yung eyewitness nila. Ang masakit po sir ay nageskandalo po sila at pilit po nila pinapaamin yung kapatid ko. Lubos na gumagalang, Wilson E. Lopez Jr. GOD BLESS YOU.”

Wilson E. Lopez Jr., God bless you, too, at salamat sa tanong na idinaan mo sa email address na batasmauricio@yahoo.com. Ayon sa BATAS (Buklod ng mga Abogadong Tagapagtaguyod ng Adhikaing Sambayanan) at LIGHT (Lawyers Instructed on Godliness, Humility, and Truth), child abuse sa ilalim ng Republic Act 7610 ang krimeng ginawa ng mga nag-akusa sa iyong menor de edad na kapatid. Magtungo na kayo sa abogado, magpagawa na kayo ng salaysay, at isampa niyo na agad sa Office of the Prosecutor ng inyong lugar.

MGA PANGYAYARI SA BIBLIYA NA NAGPAPATOTOO NA SI JESUS ANG DIYOS AT TAGAPAGLITAS, AMA, ANAK, AT ESPIRITU SANTO (PART 4): Kung susuriing mabuti ang Bibliya, maraming mga bahagi nito, sa kaniyang ibat-ibang aklat, ang nagpapahayag na ang Diyos ay bababa mula sa langit at tutungo sa lupa sa anyo ng tao upang Siya ang tumanggap (at Kaniya na ngang tinanggp) ang parusang nakalaan sa tao dahil sa kanilang mga kasalanan.

Ang pinaka-una sa mga pagpapahayag na ito, sa pananaw ng Simbahang Anak Ng Diyos Kadugo Ni Kristo (AND KNK), ay ang sinabi mismo ng Diyos (sa Kaniyang anyong Ama) sa Genesis 3:15. Matapos sumpain ng Diyos ang ahas dahil sa nilinlang nito sina Eba at Adan na naging dahilan na ang dalawang ito ay sumuway (at magkasala) sa Diyos, ipinahayag Niya, dito sa Genesis 3:15, ang paglalaban ng “binhi ng babae” at ng “binhi ng ahas”. Sinabi ng Diyos (sa Kaniyang anyong Ama) sa ahas: “Kayo ng babae'y aking pag-aawayin, binhi mo't binhi niya'y lagi kong paglalabanin. Ang binhi niya ang dudurog sa iyong ulo, at sa sakong niya'y ikaw ang tutuklaw.” Ipinahayag ng Diyos na ang binhi ng ahas ay “tutuklaw” sa “sakong” ng “binhi ng babae”, samantalang ang “binhi ng babae” ang siya namang dudurog sa ulo ng “binhi” ng ahas.

Sa pamamagitan ng bersikulong ito, ipinakilala ng Diyos ang tuloy-tuloy na paglalaban ng kabutihan at ng kasamaan. Walang duda, ang kabutihan ay ang Diyos, at ang kasamaan ay ang diyablo. Ipinakikita din sa Genesis 3:15 na ang labanan ng dalawang “binhi” ay magaganap sa lupa, o sa daigdig, sapagkat ang “binhi” ng babae ay sa daigdig isisilang, at bagamat hindi pa nakasaad sa bersikulo, ang kanilang paglalaban ay magaganap sa mga tao---sa kanilang mga kaisipan. May dagdag pa ito, God willing.

## Total lockdown... from P1

allows only one family member to leave their house for purposes such as purchase of basic necessities like food from public markets, supermarkets, medicines from pharmacies, accomplish financial transactions in banks or other financial service establishments, and seek medical attention in hospitals. The total lockdown was effected in the hope to slow down if not prevent the spread of COVID-19 in the province. (Ruel Francisco, PIA-Cavite)

## Sitio Sabangan... from P1

adays, Purok leader Judith Amoncio also worries that heavy rainfall would affect the classes. “Because the daycare is mainly made out of bamboo, rain water enters the room when the wind is strong, so classes may get cancelled.”

Better learning materials. The refurbished daycare center was complete with books and other instructional tools to make learning more efficient.

A few meters from the old daycare center however, now stands a fully furnished container van serving as Sitio Sabangan's new daycare center. The repurposed facility, turned over by Hedcor, comes with tables and chairs, as well as books and other learning materials. A comfort room and washing area are also provided by the container van-turned-daycare center.

During the turnover of the P700,000-worth school facility, Manolo Fortich Mayor Clive Quiño expressed his gratitude to Hedcor for the project.

Container van-turned-daycare center. After being used during the construction of the Manolo Fortich Hydros, this container van now stands as a spacious and sturdy daycare center.

“It has been the Municipality's and Hedcor's goal that as much as possible we bring to the communities their very basic needs, one of which is education,” shared Quiño, who regarded Hedcor as their ‘partners for progress.’

“My heartfelt thanks goes to Hedcor, as always. They really stand by their promise of Advancing Business and Communities,” he added.

From a population of 19 students from Lower Sabangan, the daycare center will now house almost twice its number of learners, as the facility will cater students from Upper Sabangan as well.

The container van was once used by Hedcor to haul plant facilities such as turbines during the construction of its 73.3-MW Manolo Fortich Hydros in Bukidnon.

Hedcor is a run-of-river hydropower arm of AboitizPower. It currently operates 22 hydropower facilities with a total installed capacity of 277MW of Cleanergy.




The views and opinions expressed in this newspaper are those of the authors/writers/contributors and do not necessarily reflect the official policy or position of the owner and the management.

Philippine Health Insurance Corporation
ADVISORY
No. 2020 - 021

PhilHealth
Your Partner in Health

UNIVERSAL HEALTH CARE

## Extension of Deadline of Premium Payment

In view of the national declaration of the state of calamity due to the increasing number of cases in various parts of the country as a result of the Corona Virus Disease 2019 (COVID -19) pandemic, PhilHealth is extending the deadline of payment of premium contributions for the first quarter of 2020 for **Self- Earning Individuals, Professional Practitioners and Members under the Group Enrolment Schemes** from March 31, 2020 to April 30, 2020.

Further inquiries may be referred to the PhilHealth Action Center at (02) 8441-7442 or to any PhilHealth Regional and Local Health Insurance Offices.

**BGEN. RICARDO C. MORALES, AFP (RET) FICD**
President and Chief Executive Officer



Divine PURPOSE

Divine Liwanag Reyes
Phd / DD

# Mga DOST Official mas abala pa ngayong panahon ng COVID 19



Pagpapanibagong sigla ng Human Resources Development o lakas at yamang tao. Yan ang itinugon sa akin ni DOST Asst. Sec , (ASEC) Diane Ignacio mg tanungin ko sa detalye ng kanyang pananagutan at tungkulin bilang bagong mataas ns Opisyal ng Kagawaran. Inurirat ko ang nabanggit na paksa bilang bahagi ng press conference sa Closing Ceremony ng National Inventions Contest & Exhibits (NICE) na ginanap sa SMEX Aura, Taguig. Binigyang diin ni ASEC Ignacio na lalo na sa panahong ito ng Higthened at Enhanced Community Quarantine o Lockdown dapat ang mga opisyal ng bawat kumpanya, mapa pribado o pampubliko mang tanggapan ay higit na aktibo sa pag-aasikaso sa kapakanan ng kanilang mga opisyal at kawani pati na kanilang mga pamilya. Sa DOST, tinutukan ni ASEC Ignacio ang paggabay sa HR department sa pagbibigay ng "work from home" task pati na pagtupad sa tinatawag na "skeletal force".Yan ay para may haharap pa rin o mag-aasikaso sa kanilang mga kliyente o stakeholders na tutungo o may importanteng business/negosasyon sa DOST sa panahong ito. Halimbawa nito ay ang mga researchers nila na gumamagawa o sumasaliksik ng mga proyektong tungo sa paghahanap ng lunas sa mga nakakahawang sakit (infectious diseases) gaya ng Novel Corona Virus 2019. Lubhang kailangang ayudahan ang mga mananaliksik na nabanggit lalo na sa kinakailangang panustos. Samantala, ang iba pang mga opisyal sa pangunguna ni DOST Secretary Engr/Dr. Fortunato "Boy"ay Tanseco Dela Pena sy mga abala rin sa pagsusulat at paghahanda ng implementasyon o pagpapatupad ng kanilang mga nabinbing proyekto ng ipstupad ang Enhancefd Community Quarantine, na sa tutoo lang ay tambak tambak na ayon kay Sec. Dela Pena. -DrDLR-

## *LGU Imus addresses...from P1*

provide transport service to Imuseños to bring them to public markets, supermarkets, hospitals, pharmacies, banks and to place of work within the city. Point-to-point vehicles will also be provided for transport service outside of the city.

In coordination with the City Social Welfare and Development Office (CSWDO), sanitary, medical and food supplies were distributed to the indigent families especially those families of employees affected by the ECQ. The Market Office and Slaughterhouse assured enough food supply for the city residents' consumption including delivery of essential goods.

Garbage collection goes on as scheduled in coordination with the City Environment and Natural Resources Office (CENRO) while regular misting and disinfection especially in public markets and churches will be conducted.

The country was placed under the Enhanced Community Quarantine (ECQ) by President Rodrigo Duterte on March 16, 2020 after an alarming increase of COVID-19 cases throughout the island of Luzon and in some provinces outside the island.

"The residents of Imus need not be worried in this time of crisis, but should keep calm, stay home and be disciplined enough to follow the regulations being implemented by the authorities," the Imus Information Office said. (Ruel Francisco, PIA-Cavite/with reports from Imus Information Office)

## *Stringent measures...from P1*

tation of stringent measures pursuant to the recent directives of Cavite Governor Jonvic Remulla. In a post on the Governor's Facebook page on March 22, the city of Imus has the highest number of arrests with 116 violators, followed by the city of Gen. Trias, 56 arrests, and the municipality of Gen. Mariano Alvarez with 51 violators arrested.

"I have given strict orders for the full implementation of the quarantine and curfew. There will be minimum tolerance to violators," Gov. Jonvic Remulla stated earlier.

In addition, the Sangguniang Panlalawigan passed an ordinance enforcing a liquor ban in the province. Gov. Remulla reminded further that the quarantine is not a vacation. These rules are not implemented to punish them but to slow down if not stop the spread of COVID-19 in the province. Discipline and cooperation would mean the victory in the fight against this invisible enemy.

"Pasensiya na, walang pakiusapan dito," Remulla concluded. (Ruel Francisco, PIA-Cavite

## *Cavite moves...from P1*

will enable to access its quick response funds amounting to P20 million for interventions and measures to prevent COVID-19 from spreading in the different parts of the province, according to the Provincial Information and Community Affairs Department (PICAD)

Remulla also issued an executive order placing the whole province under community quarantine to further prevent the spread of the deadly disease.

Effective March 17, curfew hours have been imposed in the province from 8pm to 5am for non-essential personnel on the streets while malls, computer shops, spas, gaming parlors, even tiangges, basketball courts, public parks and playgrounds, and resorts were ordered to close temporarily.

Only restaurants (no dine-in only take-outs and deliveries), banks, public utility offices, payment centers and other related financial services, groceries, supermarkets, pharmacies, pawnshops, hardwares, and wet markets will remain open.

With the enhanced community quarantine in place, all mass gatherings like fiestas, religious congregations, public assemblies are also discouraged while mass transportation is suspended.

The provincial government has also set up border checkpoints manned by uniformed personnel and quarantine officers to monitor the movement of people limited to accessing basic needs.

As of March 23, the health department reports 14 confirmed cases of COVID-19 in Cavite. (Ruel Francisco, PIA-Cavite with reports from PICAD)

THE SOUTHERN TAGALOG HERALD CAVITE


email: herald_group@yahoo.com

MARCH 29-APRIL 4, 2020 VOL. XXV NO. 35


Keep your feet on
the GROUND,
your heart on the CROSS,
and your mind on
HEAVEN.

# Mahalagang Paalala Tungkol sa COVID-19 mula sa Provincial Government of Cavite









CAVITE COVID-19 HOTLINES

Cavite Province: Globe: 0956 480 5542 Smart: 0998 359 6058

| CITY/MUNICIPALITY | MOBILE NUMBERS | LANDLINE NUMBERS |
|---|---|---|
| City of Bacoor | Hotline 161 | (046) 435 3420 |
| Cavite City | Globe: 0926 970 7556 | |
| City of Dasmariñas | Globe: 0917 721 8825<br>Smart: 0998 843 5477 | (046) 481 0555<br>(046) 435 0183 |
| City of General Trias | Smart: 0919 066 4324<br>0919 066 4325 | |
| City of Imus | Globe: 0927 878 7777 | (046) 471 9734 |
| Tagaytay City | Smart: 0930 763 6055 | |
| Trece Martires City | Smart : 0921 451 9099 | (046) 419 2425 |
| Alfonso | Globe: 0916 619 1088 | (046) 419 8250 loc. 240/241 |
| Amadeo | Globe: 0965 819 8686 | (046) 413 2316 |
| Carmona | Globe: 0956 897 6299<br>Globe: 0915 374 8460 | (046) 443 5397<br>(046) 430 2372 |
| General Emilio Aguinaldo | Smart: 0998 578 9793 | |
| General Mariano Alvarez | Globe : 0916 447 3598<br>Smart : 0928 687 2839 | (046) 972 2093 |
| Indang | Globe: 0977 766 6707<br>Globe: 0927 765 1473<br>Smart: 0961 149 6740 | (046) 840 1705 |
| Kawit | Globe: 0995 144 2141<br>Smart: 0951 068 8701 | (046) 431 9941 |
| Magallanes | Globe: 0945 710 8309<br>Globe: 0917 892 2372 | |
| Maragondon | Globe: 0917 511 8838 | (046) 412 1432 |
| Mendez | Globe: 0917 831 0723<br>Sun: 0923 736 4640 | (046) 413 0601 loc. 117 |
| Naic | Globe: 0945 726 1593 | (046) 412 0296 |
| Noveleta | Globe: 09175424338 | |
| Rosario | Globe: 0906 476 9499<br>Smart: 0999 828 7087 | |
| Silang | Globe : 0905 245 7217<br>Smart : 0948 714 5188 | |
| Tanza | Globe : 0917 804 3593 | (046) 418 6022 |
| Ternate | Globe: 0915 885 1640 | |

Joint Task Force CV SHIELD Command Center
PNP Command Center
Globe: 0917 312 5626
Smart: 0998 894 0013
Landline:(02)7253176
Email: PNP2019nCoVARRopns@gmail.com

#OneCavite
#UnitedForCOVID-19

## COVID-19 claims 1st fatality in Cavite; confirmed cases rise to 14

TRECE MARTIRES CITY, Cavite, Mar. 24 (PIA) -- In a COVID-19 update report of Cavite Governor Jonvic Remulla, a 76-year old resident of Bacoor died on Friday, March 19, 2020 from the Corona Virus Disease, the first fatality of COVID-19 in Cavite.


Governor Remulla reminded the elderly and senior citizens particularly those with health issues to be extra careful.

"Senior citizens are at risk. Please don't go out and bring the virus home with you," Gov. Remulla reiterated.

As of 1 PM of March 23, the Provincial Health Office (PHO) COVID-19 Case Tracker-Cavite listed that the total of number of confirmed cases in the whole province of Cavite is now 14.

In addition, the cumulative number of patients under investigation (PUIs) since January 23 is 265 while persons under monitoring (PUMs) is 4,883.

The PHO is calling on Cavite residents to stay home, "Huwag tayong maging sanhi ng pagkalat ng COVID-19." (Don't be a cause for the spread of COVID-19.)




Meanwhile, the provincial government of Cavite in coordination with the local governments of the cities and municipalities of the province together with the Philippine National Police are vigilant and relentless in strictly implementing the guidelines set for the enhanced community quarantine to stop the spread of COVID-19.

As a result, 586 violators were arrested recently in the different cities and municipalities in the province. The city of Imus has the highest number of arrests with 116, followed by the city of Gen. Trias, 56 arrests, and the municipality of Gen. Mariano Alvarez with 51 violators arrested. (Ruel Francisco, PIA-Cavite with reports from Gov. Remulla's FB page)

